
ISSN 2651-7108

# TALA

KASAYSAYAN

An Online Journal of History



## ARTICLES

1 Martial Law Perspectives from the People: An Analysis of the Interviews Conducted by the Students of Readings in Philippine History
*Glenn-Dale John C. Go*

22 The 'Newspaper of Destiny' in the Shadows of Martial Law: Historicizing the Varsitarian's Coverage of the Marcos Years (1970-1981)
*Anthony Andrew G. Divinagarcia*

54 Cracks in Censorship: The "Uhaw na Bulaklak" Controversy and Film Regulation under the Early Marcos Dictatorship
*Abel A. Ubaldo*

70 Stories Beyond Sensation, Lessons in Lenses: Reflecting on the Marcos Sr. and Mao Regimes in Liway (2018) and the Blue Kite (1993)
*Roberto P. Lim, Jr.*

## BOOK REVIEWS

96 Kuwentong Buhay ng mga Kristiyano sa Panahon ng Batas Militar
*Mark Joseph Pascua Santos*

# Special Issue

SEPTEMBER 2022

# Book Review

## Maggay, Melba Padilla. Ed. *To Be in History: Dark Days of Authoritarianism.* Carlisle, Cumbria, U.K.: Langham Global Library, 2019.

# Kuwentong Buhay ng mga Kristiyano sa Panahon ng Batas Militar

**Mark Joseph Pascua SANTOS**
Centro Escolar University
mjpascuasantos@gmail.com
https://orcid.org/0000-0003-0729-5895

**ABSTRAK**

Ang sanaysay na ito ay isang deskriptibong pagbasa sa *To Be in History: Dark Days of Authoritarianism* na pinatnugutan ni Melba Padilla Maggay, sa lente ng "kuwentong buhay," partikular na ang bersyon nito na dinalumat ni Clemen Aquino, isa sa mga pangunahing tagapagtaguyod ng Sosyolohiyang Pilipino. Sisiyasatin ang saysay ng mga kuwentong buhay na nilalaman ng akda sa konteksto ng mga kontemporaryong reyalidad ng lipunang Pilipino, tulad ng rehimeng Duterte, pagsuporta ng mga Kristiyano sa mga represibong administrasyon, at pambabaluktot ng kasaysayan.

***Mga Susing Salita:*** *Kuwentong Buhay, Batas Militar, Kristiyano, Marcos*

**ABSTRACT**

This essay is a descriptive reading of *To Be in History: Dark Days of Authoritarianism*, edited by Melba Padilla Maggay, in the lens of "kuwentong buhay" (life story), particularly the version conceptualized by Clemen Aquino, one of the leading proponents of Filipino Sociology. It will explore the relevance of kuwentong buhay contained in the book, in the context of some contemporary realities of Philippine society such as the Duterte regime, widespread support of Christians to repressive administrations, and historical distortion.

***Keywords:*** *Life story, Martial Law, Christian, Marcos*

Santos, Mark Joseph Pascua. "Kuwentong Buhay ng mga Kristiyano sa Panahon ng Batas Militar." *TALA* Special Issue (September 2022), 96–105.

## Kuwentong Buhay sa *To Be in History*

Sa pagtatasa ng sosyolohistang si Clemen Aquino sa agos ng mga publikasyon na sumusuri sa lipunang Pilipino, karamihan ay nakatutok sa pagsisiyasat sa mga malawakang istrukturang nagpapagalaw sa lipunan. Dahil dito, aniya, hindi gaanong napagtutuunan ng pansin ang pagtingin sa mundo ng mga indibiduwal, sa kakayahan at kapangyarihan ng mga ito na igpawan ang mga malawakang istruktura. Dito umano papasok ang saysay ng kuwentong buhay. Tumutukoy ito sa disenyo ng pananaliksik kung saan ang pagtitipon at/o paglalahad ng datos ay isinasagawa sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan at pakikinig sa kuwento ng mga aktuwal na kalahok o may tuwirang karanasan sa pinag-aaralang paksa/pangyayari. Sa Kanluran, nagsimulang lumaganap ang kuwentong buhay sa pananaliksik kaugnay ng paglitaw ng kasaysayang pasalita, feminismo, at postmodernismo, na pare-parehong interesado sa buhay ng mga pangkaraniwang tao.[1] Masasabing ang pagyabong ng kuwentong buhay ay maiuugat din sa paglipat ng interes ng mga historyador mula sa kasaysayang politikal (kung saan buhay ng mga makapangyarihan ang pinag-aaralan) tungo sa kasaysayang panlipunan (kung saan mas pinapahalagahan ang pang-araw-araw na pamumuhay ng taumbayan).

Malaki ang potensyal ng kuwentong buhay sa pagpapalago ng pag-unawa sa lipunan. Ani Vineeta Sinha, paraan ito upang maipook ang indibiduwal sa lipunan, gayundin ang lipunan sa indibiduwal.[2] Ang kuwentong buhay pa lamang ng iisang indibiduwal ay may kakayahan nang salaminin ang samu't saring malawakang reyalidad at mga istruktura ng lipunan. Lalo pa, ang pinagsama-samang kuwentong buhay ng mga indibiduwal ay makatutulong sa pagbuo ng kuwentong bayan ng iba't ibang pamayanan sa Pilipinas.[3]

Sa kontekstong ito ng kuwentong buhay bilang disenyo ng pananaliksik maaaring bigyang pagpapahalaga ang aklat na *To Be in History: Dark Days of Authoritarianism*, na pinatnugutan ni Melba Padilla Maggay. Naglalaman ito ng labinglimang kabanata ukol sa Batas Militar at Himagsikang EDSA, na isinulat ng siyam na Kristiyanong aktuwal na kalahok sa mahahalagang pangyayaring

[1] Clemen Aquino, "Mga Kuwentong Buhay at Kuwentong Bayan sa Paghahabi ng Araling Panlipunan," in Thelma B. Kintanar, Clemen C. Aquino, Patricia B. Arinto, Ma. Luisa T. Camagay, *Kuwentong Bayan: Noong Panahon ng Hapon; Everyday Life in a Time of War* (Quezon City: University of the Philippines Press, 2006), 390, 393, 395.

[2] Vineeta Sinha, "Pandita Ramabai Saraswati (1858–1922)," in Syed Farid Alatas and Vineeta Sinha, *Sociological Theory Beyond the Canon* (London: Palgrave Macmillan, 2017), 244.

[3] Aquino, "Mga Kuwentong Buhay at Kuwentong Bayan…" 397.

© 2022 Mark Joseph Pascua Santos

ISSN 2651-7108

ito sa kasaysayang Pilipino. Samu't sari ang uri ng sulating nilalaman ng aklat. Mayroong mga personal na anekdota,[4] pag-uulat,[5] talaarawan,[6] komentaryong politikal,[7] at teolohikal na repleksyon.[8] Samu't sari rin ang mga propesyong pinagmumulan ng mga kontribyutor: dyornalista, teologo, antropologo, historyador, makata, politiko, at iba pa.

Ngunit sa kabila ng pagiging samu't sari nito sa usapin ng uri ng mga sulatin at propesyon ng mga sumulat, ang pisi na malinaw na nagbibigkis sa mga ito ay ang kuwentong buhay. Lahat ng kabanata ay nagsasalaysay sa sariling karanasan ng mga manunulat sa panahon ng Batas Militar at Himagsikang EDSA. Tulad ng nabanggit na, may kapangyarihan ang kuwentong buhay na salaminin ang malalawak na istruktura ng lipunan. Ganito rin ang kaso ng mga kuwentong buhay na nakapaloob sa akda. Tila mga *puzzle piece* ang bawat kabanata na sumasalamin sa iba't ibang dimensyon ng reyalidad noong panahon ng Batas Militar: buhay ng mga estudyanteng aktibista sa unibersidad, panunupil sa malayang pamamahayag, kompromiso sa pananaliksik sa akademya sa ilalim ng pagmamatyag ng mga awtoridad, pangtotortyur sa mga detinadong politikal, panggagahasa sa kababaihan, tindi ng korapsyon ng mga kroni ni Marcos, pagtatrabaho bilang politiko sa loob ng burukrasyang kontrolado ng diktador, panghihimasok ng Estados Unidos, pagiging miyembro ng Communist Party of the Philippines (CPP), pag-oorganisa sa mga maralitang komunidad, pagbabarikada sa EDSA, at marami pang iba. Ang pagiging samu't sari ng mga sinasalaming dimensyon ng reyalidad ng mga kuwentong buhay na ito ay bunga ng malikhaing pagtipon ni Maggay sa iba't ibang indibiduwal na may iba't ibang lokasyon sa lipunan sa panahon ng Batas Militar, at samakatuwid ay may iba't ibang karanasan. Ayon nga sa isang kontribyutor ng aklat na si Mary Racelis:

> For many like me, martial law came across in different ways depending upon one's situation at any one particular time.[9]

---

[4] Halimbawa, kabanata 1 ni Elizabeth Lolarga, "The Awakening of Miss Goody Two Shoes," nasa *To Be in History: Dark Days of Authoritarianism*, ed., Melba Padilla Maggay (Carlisle, Cumbria, U.K.: Langham Global Library, 2019), 3-16.

[5] Halimbawa, kabanata 9 at 11 ni Rolando Villacorte, "Onward, Soldiers of Faith" at "The Darkest Moment," nasa *To Be in History*, 115-123 at 133-146.

[6] Halimbawa, kabanata 10 ni Maggay, "Diary from the Barricades," nasa *To Be in History*, 125-132.

[7] Halimbawa, kabanata 4 ni Mario Miclat, "Truth in a Revolution: Notes from the Underground," nasa *To Be in History*, 55-68

[8] Halimbawa, kabanata 13 ni Adrian Helleman, "A Nonviolent Revolution," nasa *To Be in History*, 157-167.

[9] Mary Racelis, "Life under Authoritarianism: Why It Should Never Happen Again," nasa Maggay, ed., *To Be in History*, 17.

© 2022 Mark Joseph Pascua Santos

ISSN 2651-7108

Bilang koleksyon ng mga kuwentong buhay, nakapailalim ito sa tinatawag ni Aquino na "topikal o tematikong kuwentong buhay." Tumutukoy ito sa kuwentong buhay, kung saan ang tuon ay nasa isang partikular na yugto o paksa ng buhay ng nagkukuwento. Kaiba ito sa "komprehensibong kuwentong buhay," na tumutukoy naman sa pagkukuwento na ang saklaw ay mula pagkabata hanggang pagtanda ng indibiduwal.[10] Topikal o tematikong kuwentong buhay ang pinatnugutang aklat ni Maggay, yamang ang ikinukuwento ng mga kontribyutor ay hindi naman ang kabuuan ng buhay nila kundi yaon lamang mga salaysay na may kaugnayan sa Batas Militar. Sa ganang ito, kapareho nito ang aklat nina Aquino na *Kuwentong Bayan: Noong Panahon ng Hapon*, na binubuo rin ng topikal o tematikong kuwentong buhay ng ilang Pilipino ukol sa mga karanasan nila noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Ang pagiging kalipunan nito ng kuwentong buhay rin ang maituturong dahilan kung bakit limitado lamang ang mga talababa nito na naglalaman ng mga akademikong batis. Sa kabuuang 208 pahina ng aklat, 17 pahina lamang ang naglalaman ng mga talababa para sa mga akademikong batis.[11] Sa katunayan, sa halip na pangsayt ng mga batis, ilan sa mga talababa ng aklat ay nagsilbi lamang tagapagbigay-kahulugan sa ilang terminong Filipino o tagapagbigay-salin sa Ingles ng ilang ekspresyon sa wikang Filipino.[12] Hindi ito kataka-taka; hindi na gaanong kailangang sumipi ng mga batis ang mga kontribyutor dahil ang kanilang kuwentong buhay mismo ay mga primaryang batis sa paksang isinasalaysay nila. May ilan pa ngang kontribyutor na ang sinayt sa kanilang mga talababa ay kanilang talaarawan, interbyu sa iba pang kalahok, at personal na alaala sa mga nakita at narinig nila.[13]

Ang isa pang pising nag-uugnay sa lahat ng kuwentong buhay ng mga kontribyutor ay ang kanilang pagiging Kristiyano. Samu't saring sangay ng Kristiyanismo ang kinabibilangan ng mga may-akda: Katoliko, Protestante, at Ebanghelikal. Litaw na litaw sa kanilang mga kuwentong buhay ang interseksyon sa pagitan ng kanilang pananampalataya at pagpapahalaga sa katarungang panlipunan sa panahon ng Batas Militar. Sa katunayan, 19 pahina ng aklat ang may tuwirang pagsipi sa ilang berso ng Biblia.[14] Mayroong nagsalaysay ukol sa unti-unti niyang kumbersyon sa Kristiyanismo mula sa komunismo (Mario Miclat at Fe Mangahas), paglaki niya sa isang pamilyang

---

[10] Aquino, "Mga Kuwentong Buhay at Kuwentong Bayan…" 395-396.
[11] Maggay, ed., *To Be in History*, 45, 52, 55, 61, 79, 88-89, 91, 96, 143, 176, 183-188.
[12] Maggay, ed., *To Be in History*, 3, 5, 11-15, 40, 83, 95, 107, 145, 151, 175.
[13] Maggay, ed., *To Be in History*, 8, 115, 125, 133, 154.
[14] Maggay, ed., *To Be in History*, 3, 11, 35, 55, 105-106, 116, 138, 140, 176-178, 190, 194-196, 200, 202-203.

© 2022 Mark Joseph Pascua Santos
TALA Special Issue (September 2022)
ISSN 2651-7108

Metodista (Alma Miclat), pakikilahok sa Himagsikang EDSA dahil sa paglilingkod niya bilang misyonero sa mga bilanggo ng Kampo Krame (Adrian Helleman), pakikiisa sa mga Katoliko't Protestanteng nag-oorganisa sa maralitang komunidad ng Tondo (Mary Racelis), pagkabagabag sa paggamit ng dahas ng mga kasamahan niya sa National Democratic Front (NDF) dahil labag ito sa natutunan niya bilang Kristiyano (Elizabeth Lolarga), at iba pa.

Marami rin sa mga kontribyutor ang nagbigay-diin sa mga elementong pangrelihiyon na umiral noon sa Himagsikang EDSA: pagtatayo ng mga altar sa iba't ibang bahagi ng EDSA kung saan maaaring manalangin ang mga tao,[15] marubdob na panawagan ng arsobispo ng Maynila na si Jaime Cardinal Sin sa mga tao na tumungo at makiisa sa EDSA sa pamamagitan ng Katolikong radyong Radio Veritas,[16] pagbuhat ng imahe ng Birheng Maria bilang pagdiriwang sa napabalitang pagtakas ni Marcos mula sa Malakanyang,[17] paghingi ng permiso ni Col. Honesto Isleta kay Gen. Fidel Ramos na basahin ang berso ng Mga Awit 91 sa gitna ng bantang paglusob sa kanila ng mga loyalistang hukbo ni Marcos,[18] pagbabarikada ng ilang organisasyong Protestante't Ebanghelikal (tulad ng Diliman Bible Church, Concerned Christians for Truth and Justice, at Institute for Studies in Asian Church and Culture) sa EDSA upang harangan ang mga sundalong lulusob sa Kampo Krame,[19] sama-samang pagbabantay ng mga Katoliko, Protestante at Muslim sa Gate 2 ng Kampo Aguinaldo upang pigilan ang pag-usad ng mga kalaban,[20] at marami pang iba. Inilarawan pa nga ni Maggay sa kabanata 14 ang Himagsikang EDSA bilang isang "misteryo," na hindi lubos na mauunawaan gamit ang naturalistikong pananaw-pandaigdig at purong kasangkapan ng mga agham panlipunan, bagkus ay mas maiintindihan kung hahayaang idagdag bilang salik ang interbensyon ng Diyos. Sinang-ayunan ni Rolando Villacorte ang pananaw na ito ni Maggay nang bansagan niya ang Himagsikang EDSA na "*divinely scripted play*."[21] Sa ganang kay Adrian Helleman naman, kaisa siya sa diwa ni Cardinal Sin nang ipahayag nito na ang Himagsikang EDSA ay malinaw

---

[15] Maggay, ed., *To Be in History*, 50.
[16] Maggay, ed., *To Be in History*, 109.
[17] Maggay, ed., *To Be in History*, 111.
[18] Maggay, ed., *To Be in History*, 139, 145.
[19] Maggay, ed., *To Be in History*, 110, 122, 140.
[20] Maggay, ed., *To Be in History*, 127.
[21] Villacorte, "Onward, Soldiers of Faith," nasa Maggay, ed., *To Be in History*, 120. Para sa mahusay at malikhaing mga teolohikal na repleksyon sa Himagsikang EDSA, tingnan ang mga sanaysay na nakapaloob sa Douglas Elwood, ed., *Toward a Theology of People Power: Reflections on the Philippine February Phenomenon* (Quezon City: New Day Publishers, 1988).

© 2022 Mark Joseph Pascua Santos

ISSN 2651-7108

na tunggalian sa pagitan ng kabutihan at kasamaan, ng liwanag at dilim.[22] Malikhain namang nilaro ni Fe Mangahas ang mismong pinagmulan ng pangalan ng EDSA upang ipakita ang tila likas na relihiyosong karakter ng Himagsikang EDSA: ipinangalan ito sa Pilipinong intelektuwal na si Epifanio de los Santos, na sa Ingles ay "*epiphany of the saints*" o sa Filipino, manipestasyon ng mga santo.[23]

**Ang Saysay sa Kasalukuyan ng Kuwentong Buhay ng mga Kristiyano sa Panahon ng Batas Militar**

Ang mga kuwentong buhay sa aklat na ito ay hindi mga inosenteng pagsasalaysay ng mas matandang henerasyon na nagnanais lamang na mapreserba ang kanilang alaala para sa susunod na salinlahi. Ang kanilang pagkukuwento ukol sa nakaraan ay isang anyo ng paninindigang politikal para sa kasalukuyan. Malinaw na makikita sa iba't ibang kabanata ng aklat ang pag-uugnay na ito sa pagitan ng kasaysayan at kasalukuyan. Matapos ibahagi ni Mangahas ang kanyang mga karanasan sa Batas Militar, ipinahayag niya ang pag-asa niya sa mga kabataan, na ipagpatuloy nila ang laban ng naunang henerasyon tungo sa higit na pagpapainam ng lipunang Pilipino.[24] Sa pahayag na ito ni Mangahas, malinaw na mababanaag ang pagtingin sa kasaysayan hindi bilang istatiko kundi bilang dinamikong reyalidad na nagpapatuloy sa kasalukuyan – ang pagbabagong panlipunan bilang isang 'di pa tapos na proyektong pinasimulan ng nakaraan at kailangang ipagpatuloy ng kasalukuyan.

Ang temang ito ay litaw rin sa malinaw na pag-uugnay ng mga kontribyutor sa Batas Militar ni Pangulong Marcos sa nakaraan at pamamahala ni Pangulong Rodrigo Duterte sa kasalukuyan (yamang inilimbag ang aklat noong 2019, sa panahon ng panunungkulan ni Duterte bilang pangulo). Sa kabanata 13 ni Helleman, iginiit niya na hindi maaaring magtapos ang himagsikan sa EDSA; kailangan pa ng rebolusyong panlipunan (hindi pampolitika) na magpapainam sa buhay ng mga Pilipino, lalo pa sa panahon kung kailan "*the country has a president whose crude remarks and violent behavior have been compared with those of Trump.*"[25] Sa epilogo naman ni Maggay, ipinahayag niya na kung mayroon mang regalo sa kasalukuyan ang nakaraang laban ng naunang henerasyon sa

[22] Helleman, "Seventy-Five Long Hours," nasa Maggay, ed., *To Be in History*, 113.
[23] Fe Mangahas, "The NatDem Front: A Historian Looks Back," nasa Maggay, ed., *To Be in History*, 53.
[24] Mangahas, "The NatDem Front," 53.
[25] Helleman, "A Nonviolent Revolution," 164.

© 2022 Mark Joseph Pascua Santos
TALA Special Issue (September 2022)
ISSN 2651-7108

Batas Militar para mabawi ang demokrasya, ito ay ang aral na ang mga Pilipino ay hindi mga pasibong populasyon na yuyuko lang lagi sa mga tiranikong lider, kundi mga aktibong mamamayan na pinaghaharian ng katwiran ng batas. Pagkatapos nito ay nanawagan siya sa mga mambabasa na patuloy na patunayan ang kanilang pagiging karapat-dapat sa pagkamamamayan, lalo pa sa kasalukuyan kung kailan "*our democracy is slowly dying, our institutions eroded bit by bit by a populist autocrat presiding over the systematic collapse of the rule of the law once again.*"[26] Sa mga siniping pahayag na ito, may makikitang padron (*pattern*) – ang mga kuwentong buhay ukol sa Batas Militar sa nakaraan ay inilahad ng mga kontribyutor upang magsilbing aral sa kasalukuyang henerasyon ng mga Pilipino sa kanilang pagharap sa represibong rehimeng Duterte. Hindi naman kataka-taka ang paghugot ng aral mula sa panahon ng Batas Militar para sa pagkilos ng mga manggagawang panlipunan sa panahon ni Duterte, sapagkat marami na ang nakapansin sa paralelismo at pagkakaugnay sa pagitan ng diktadurang Marcos at rehimeng Duterte.[27]

Sa ganang ito, ang mga kuwentong buhay na nilalaman ng akda ay akto ng pagpapasa ng baton/sulo ng henerasyon ng Batas Militar, sa kasalukuyang henerasyon na humaharap sa rehimeng Duterte. Ngunit maitatanong marahil ng mga kasalukuyang mambabasa – yamang tapos na ang panunungkulan ni Duterte, may saysay pa ba sa kasalukuyang henerasyon ang mga kuwentong buhay na ito ng akda? Kinakatigan ng manunuring ito ang naturang katanungan sa tatlong dahilan.

Una, hindi lang naman limitado sa termino ni Duterte ang lahat ng naging polisiya ng kanyang administrasyon; marami sa mga ito ay mararamdaman pa ng bansa sa mga susunod na taon. Ikalawa, hanggat mayroong mga mapanupil na pinuno ang Pilipinas na sumusunod sa yapak nina Pangulong Marcos at Duterte, patuloy na magkakaroon ng saysay ang mga aral ng mga kuwentong buhay na ito. Ngunit ang patuloy na saysay ng aklat ay pinakamababanaag dahil sa ikatlong punto – ang pambabaluktot sa kasaysayan ng Batas Militar na sinuportahan ng administrasyong Duterte ay maaasahan na lalo pang titindi sa kasalukuyang pamamahala ng anak ng diktador na si Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr.

---

[26] Maggay, "Epilogue: Putting an End to Our Unfinished Revolutions," nasa Maggay, ed., *To Be in History*, 204.

[27] Isang magandang halimbawa nito ang Cleve Veloso V. Arguelles, "Duterte's Other War: The Battle for EDSA People Power's Memory," in *A Duterte Reader: Critical Essays on Rodrigo Duterte's Early Presidency*, ed., Nicole Curato, (Quezon City: Bughaw, 2017), 263-282.

© 2022 Mark Joseph Pascua Santos

ISSN 2651-7108

Sa panahon kung kailan binabaluktot ang kasaysayan ng Batas Militar sa pamamagitan ng sistematikong disimpormasyon sa *social media*,[28] lalong kinakailangang bigyang-tinig ang kuwentong buhay ng mga lumaban at biktima ng Batas Militar. At isang mahalagang ambag tungo sa ganitong proyekto ng pagbibigay-tinig ang mga aklat na tulad ng *To Be in History*. Sa pamamagitan ng mga kuwentong buhay na ito, nabibigyan ng laman at dugo ang mga pangyayari sa panahon ng Batas Militar; mga pangyayari na tila mga abstrakto at malayong reyalidad lamang kung puro istatistikal na datos at mga teknikal na pagsusuri sa agham panlipunan ang babasahin, at walang kumakatawan na mukha ng mga aktuwal na tao.

Magiging makabuluhan din ang aklat lalo sa hanay ng mga nakababatang Kristiyano na nahaharap sa disilusyon dahil sa maraming populasyon ng mga Pilipinong Kristiyanong naniniwala ngayon na ginintuang panahon ang Batas Militar (totoo ito lalong lalo na sa hanay ng mga Ebanghelikal). Marami sa mga Pilipinong Kristiyanong ito ang sumuporta rin kay Duterte at kasalukuyang sumusuporta kay Bongbong Marcos. Binabansagan ng ilan ang mga Kristiyanong ito na "*Romans 13 Christians*," mga Kristiyanong ginagamit ang mga berso ng Roma 13 upang ipagbawal sa mga kapwa Kristiyano ang pagpuna sa mga opisyal ng pamahalaan.[29] Sa pamamagitan ng pinatnugutang aklat ni Maggay, magiging malay ang mga nakababatang Kristiyano na mayroon ding mga kapwa nila Kristiyano mula sa mas maagang henerasyon na matapang na nanindigan laban sa Batas Militar. Maaari silang makahugot ng inspirasyon mula sa mga kuwentong buhay na ito upang pagsabayin ang kanilang pananampalataya at pagpapahalaga sa katarungang panlipunan.

Liban sa mga praktikal na benepisyong ito, may potensyal na kapakinabangang akademiko rin ang aklat na ito. Ang mga kuwentong buhay tulad ng mga nilalaman ng aklat ay maaaring magamit na batis para sa pagbuo ng kasaysayang panlipunan ng Pilipinas sa panahon ng Batas Militar. Sa abot-tanaw ng rebyuwer, hanggang sa kasalukuyan ay wala pa ring naililimbag na kahit isang aklat na aktuwal na nagsagawa ng kasaysayang panlipunan ng Batas

[28] Para sa paliwanag sa sistematikong disimpormasyon na ito, tingnan ang Fernan Talamayan, "The Politics of Nostalgia and the Marcos Golden Age in the Philippines," *Asia Review* (2021): 273-304.

[29] Para sa kontekstuwal na pagbasa sa Roma 13 bilang tugon sa mga gumagamit nito upang patahimikin ang oposisyon, tingnan ang Junette B. Galagala-Nacion, "Romans 13 and the Limits of Submission," in *Faith and Bayan: Evangelical Christian Engagement in the Philippine Context*, eds., Lorenzo C. Bautista, Aldrin M. Peñamora, and Federico G. Villanueva (Carlisle, Cumbria, U.K.: Langham Global Library, 2022), 49-76.

© 2022 Mark Joseph Pascua Santos

ISSN 2651-7108

Militar.[30] Sa pagbuo sa hinaharap ng mga pag-aaral ukol sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Pilipino noong panahon ng Batas Militar, malaki ang maitutulong ng mga aklat na naglalaman ng mga kuwentong buhay ng mga nakaranas ng Batas Militar, tulad ng *To Be in History*. Bukod pa siyempre ito sa gagawing pakikipanayam/pakikipagkuwentuhan/pagpapakuwento na gagawin ng mga mananaliksik sa hinaharap sa mga taong hindi pa nakapagtatala ng kanilang mga kuwentong buhay. Mahalaga ang ganitong proyekto ng kasaysayang panlipunan, dahil mas epektibo nitong malalabanan ang pambabaluktot ng kasaysayan ukol sa Batas Militar, tulad ng mito ng magandang ekonomiya sa panahong iyon, yamang ang ipapakita ay ang aktuwal na pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Pilipino.

[30] Kinumpirma rin ng historyador na dalubhasa sa Batas Militar na si Dr. Roderick Javar ang pakiwari kong ito sa pamamagitan ng isang personal na komunikasyon, sa Facebook Messenger noong July 23, 2022. Kadalasan, ang mga akdang naisusulat ukol sa Batas Militar ay biograpikal (hal. Asuncion David Maramba, ed., *Seven in the Eye of History* [Pasig: Anvil Publishing, Inc., 2000]), pampanitikan (hal. Lualhati Bautista, *Dekada '70* [Mandaluyong: Cacho Publishing House, Inc., 1991), at mga tematikong akda (ibig sabihin, mga akdang nakatuon sa samu't saring tema ukol sa Batas Militar, tulad ng mga kroni ni Marcos, estado ng midya, sining-protesta, paglabag sa karapatang pantao, kalagayang pang-ekonomiya, atbp.). Marami sa mga tematikong akdang ito ay maikakategorya sa ilalim ng kasaysayang pampolitika, kasaysayang pang-ekonomiya, at kasaysayang pangkalinangan. Ngunit wala pa talagang nailalathala na maituturing na kasaysayang panlipunan ng Batas Militar.

© 2022 Mark Joseph Pascua Santos

ISSN 2651-7108

## SANGGUNIAN

### Aklat

Aquino, Clemen. "Mga Kuwentong Buhay at Kuwentong Bayan sa Paghahabi ng Araling Panlipunan." In Thelma B. Kintanar, Clemen C. Aquino, Patricia B. Arinto, Ma. Luisa T. Camagay, *Kuwentong Bayan: Noong Panahon ng Hapon; Everyday Life in a Time of War*, 390-399. Quezon City: University of the Philippines Press, 2006.

Arguelles, Cleve Veloso V. "Duterte's Other War: The Battle for EDSA People Power's Memory." In *A Duterte Reader: Critical Essays on Rodrigo Duterte's Early Presidency*, ed., Nicole Curato, 263-282. Quezon City: Bughaw, 2017.

Elwood, Douglas. Ed. *Toward a Theology of People Power: Reflections on the Philippine February Phenomenon.* Quezon City: New Day Publishers, 1988.

Galagala-Nacion, Junette B. "Romans 13 and the Limits of Submission." In *Faith and Bayan: Evangelical Christian Engagement in the Philippine Context*, eds., Lorenzo C. Bautista, Aldrin M. Peñamora, and Federico G. Villanueva, 49-76. Carlisle, Cumbria, U.K.: Langham Global Library, 2022.

Maramba, Asuncion David. Ed. *Seven in the Eye of History*. Pasig: Anvil Publishing, Inc., 2000.

Sinha, Vineeta. "Pandita Ramabai Saraswati (1858–1922)." In Syed Farid Alatas and Vineeta Sinha, *Sociological Theory Beyond the Canon*, 237-268. London: Palgrave Macmillan, 2017.

### Dyornal

Talamayan, Fernan. "The Politics of Nostalgia and the Marcos Golden Age in the Philippines." *Asia Review* (2021): 273-304.

### Personal na Komunikasyon

Javar, Roderick. Personal communication. Facebook Messenger. July 23, 2022.

© 2022 Mark Joseph Pascua Santos

ISSN 2651-7108